

Paraan ng Paggawa

Magsaing ng isang (1) kilong bigas.



Ilagay ng 1 kilo ng kanin sa bungbong ng kawayan o *plastic container*. Takluban.



Paamagan ang kanin sa loob ng 3 - 5 araw. Maaaring ilagay ang *container* sa ilalim ng mga punong kawayan, saging o madilim na lugar madal



Makalipas nang 3 - 5 araw, kunin ang pinaamagang kanin at timbangin.



Ilagay ang pinaamagang kanin sa malinis na lagayan o timba. Haluing mabuti kasama ang *molasses*. Maaari ring gumamit ng *muscovado sugar* o *brown sugar*.



Linisan ang pinakaibabaw ng timba o *container* at takipan ng dalawang *manila paper* o katsa at talian ng goma. Maaari ring gumamit ng *masking tape*.



Lagyan ng *label* kung anong mga sangkap, kailan ginawa at kailan aanihin.



limbak ito sa madilim at malinis na lugar at buruhin ito sa loob ng 7 araw.



Maaari nang anihin.



Pinagkuhanan ng Teknolohiya
Quezon National Agricultural School (QNAS)
A TESDA-accredited school



Department of Agriculture
AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Regional Training Center - MIMAROPA



Barcenaga, Naujan,
Oriental Mindoro
www.ati.da.gov.ph/ati-4b/
dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph
(034) 738-3663
@atimimaropa

FARMERS CONTACT CENTER

"Ang inyong kaagapay sa usaping agrikultura"

1-800-10-982-2474
(Provincial toll-free)

0920-946-2474

www.ati.da.gov.ph
www.e-extension.gov.ph

info@e-extension.gov.ph

IMO

Indigenous Microorganism



INDIGENOUS MICROORGANISM (IMO)

Ilan sa mga pamantayan upang matiyak na mataas ang organic matter sa lupa ay ang balanseng nutrisyon at mataas na populasyon ng IMO sa lupa. Ang IMO ay tumutulong upang mapabilis ang pagkabulok ng mga kinokompost na parte ng halaman. Ito ay mabisa ding pamatay-amoy sa mga dumi ng mga alagang hayop. Kung marami ang IMO sa lupa maiiwasan ang pagdami ng masasamang organismo na nagdudulot ng sakit sa halaman. Maari rin itong ipainom sa alagang hayop kung nakakaranas ng pagtatae.

Mga Sangkap at materyales



1 kilo ng kanin



1 kilo ng molasses



Malinis na container



Malinis na timba o container



Manila paper o katsu



Masking tape

Paraan ng Paggawa

1. Magsaing ng 1 kilong bigas. Palamigin.
2. Ilagay ng 1 kilong kanin sa bungbong ng kawayan o plastic container. Maaari ring gumamit ng saha ng saging bilang lagayan. Takluban.



3. Lagyan ng *label* kung anong mga sangkap, kailan ginawa at kailan aanihin.



4. Paamagan ang kanin sa loob ng 3 - 5 araw. Maaaring ilagay ang *container* sa ilalim ng mga punong kawayan, saging o salay o kaya naman ay sa isang malamig at madilim na lugar.
5. Makalipas nang 3 - 5 araw, kunin ang pinaamagang kanin at timbangin.



Paalala: Kailangang puting amag lamang ang makikita. Ang itim na amag ay indikasyon na ito ay kontaminado.

6. Ilagay ang pinaamagang kanin sa malinis na lagayan o timba. Haluing mabuti kasama ang *molasses*. Kung walang *molasses*, maaari ring gumamit ng *muscovado sugar* o *brown sugar* bilang pamalit.




7. Linisan ang pinakaibabaw ng timba o *container* at takipan ng dalawang *manila paper* o katsu at talian ng goma. Maaari ring gumamit ng *masking tape*.



8. Lagyan ng *label* kung anong mga sangkap, kailan ginawa at kailan aanihin.



9. Ilimbak ito sa madilim at malinis na lugar at buruhin ito sa loob ng 7 araw.



Paraan ng Paggamit

Ihalo ang 2 kutsarang IMO sa 1 litrong malinis na tubig.

Mga Pagagamitan

Hayop

- Ihalo sa inuming tubig ng alagang hayop 2 beses sa 1 linggo.
- Maaari ring rin ihalo sa pagkain ng manok
- Ito rin ay mabisang pantanggal sa mabahong amoy ng dumi ng hayop.

Halaman

- Maaaring gamiting abono o *i-spray* sa halaman

Tagal ng bisa

- Ang IMO ay tumatagal hanggang 6 na buwan.